



ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XL Blg. 20  
Oktubre 21, 2009  
[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

*Editoryal*

## Pananagutan ng rehimeng malawakang sakuna

**L**abis na pinagdurusahan ng mamamayan ang malawakang pinsalang idinulot nitong magkasunod na sakuna. Ang mga kapinsalaang ito ay ibinunga ng sukdulang kasakiman, kawalang-malasakit sa mamamayan, kapabayaan at kainutilan ng naghaharing rehimeng malawakang sakuna.

Matapos manalasa ang bagyong Ondoy sa Metro Manila at mga karatig-prubinsya nito, nilubog din ng bagyong Pepeng ang malalawak na lupain sa Pangasinan, La Union, Cagayan Valley, Aurora, Tarlac, Zam-

bales, Nueva Ecija, Pampanga at Bulacan. Daan-daan ang namatay sa mga baha sa mga kapatagan at pagguho ng lupa sa mga kinalborg kabundukan. Milyun-milyon ang nawalan ng bahay, kagamitan, sakahan, pangisdaan at kabuhayan. Nagpupuyos sa galit ang mamamayang Pilipino sa pag-iwas sa kriminal na responsibilidad dito nina Gloria Arroyo at mga kasapakat niya. Katwiran nila, ang mga sakunang ito ay sadyang gawa ng kalikasan.

Ang mga pagguho ng lupa at pagragasa ng tubig mula sa mga kabundukan ng Sierra Madre at Cordille-



**Mga tampok sa isyung ito...**

Pagtulong sa mga biktima ng bagyo, patuloy  
PAHINA 4

Biyaya ng rebolusyon ng agraryo sa mga Manobo  
PAHINA 9

20 armas, nasamsam sa mga taktikal na opensiba  
PAHINA 13

ra tungong kapatagan ay direktang bunga ng pagkawasak sa mga kabundukan, kagubatan, ilog at sapa. Kasapakat ang mga dati at kasalukuyang rehimeng, walang pakundangan ang pandarambong ng malalaking dayuhan at kumprador na kumpanyang may-ari ng mga minahan, komersyal na pagtotroso, sinementong baklad, mga pabrika, mga subdibisyon at iba pang nag-lalakihang establisimiyentong humaharang sa daloy ng mga ilog at lawa at nagtatapon ng dumi sa katubigan.

Taun-taon, ang Pilipinas ay hinahagupit ng abereyds na 20 bagyo, mga paglindol at iba pang malalaking sakuna.

Umaabot sa ₱1.1 bilyon ang halaga ng nangabulok at di na napakinabangang kagamitang binili ng gobyerno noon pang 2001 para makontrol at makapaglabas ng bala laban sa baha sa Metro Manila, Laguna at Rizal. Hindi rin binibigyang-prayoridad ang siyam pang malalaking proyektong nag-kakahalagang ₱82 bilyon para makumpleto ang kabuuang sistema ng pagkontrol ng baha sa Metro Manila at mga karatig nito.

Sa Central at Northern Luzon,

malaking delubyo ang sumambulat nang biglang pakawalan ang naipong tubig sa San Roque, Pantabangan at iba pang mga dam. Binaha nito ang mga ilog at iba pang lagusan at nawasak ang mga pampang at dike. Karamihan sa mga naapektuhan ay di man lamang nabigyang-babala at walang natanggap na tulong. Sa halip na unti-unting magbawas ng tubig ang mga dam matapos ang ilang araw na pagulan, hinintay pa ang kritikal na level ng tubig bago ito pawalan. Mas nanghinayang ang mga namamahala sa naipong tubig sa mga dam at sa kikitain mula rito kaysa sa pinsalang idudulot nito sa buhay at kabuhayan ng mamamayan.

Pinasasahol pa ng kasakiman, katiwalian at kabulukan ang kawalan ng pagmamalasakit at kahandaan ng naghaharing rehimeng.

Bago pa man humagupit ang bagyong Ondoy ay sinimot na nina Arroyo at ng kanyang masisibang alipures ang nakalaang ₱2 bilyong pondong pangkalamidad para sa taong ito. Halos kalahati nito ay nagamit sa pagliliwaliw at pagpipiling ni Arroyo at mga alipures niya sa US at iba pang bayan, at ang iba pa'y ipinuslit sa pamamagitan ng

iba't ibang ahensya ng gobyerno. Inamin mismo ng Department of Budget and Management na ₱24 milyon na lamang ang natitira sa nasabing pondo nang tamaan ng malalaking unos ang bansa. Kaya sa harap ng malawakang disgrasya, gapatak na lamang ang naibigay na ayuda ng gubyerno sa mga nasalanta ng magkasunod na bagyo.

Wala itong makabuluhang naitulong sa milyun-milyong biktima sa Metro Manila, Laguna, Rizal, at mga prubinsya ng Central at Northern Luzon. Nakaasa na lamang ito sa tulong mula sa pribadong sektor at nags мамаласакit na mga kababayyan at dayuhan.

Ang kawalang-kakayahan ng reaksyunaryo at papet na gobyerno ay nagbigay-daan pa sa imperyalistang US para mapabango at lalong mapalakas ang presensyang militar nito sa Pilipinas. Ginamit ng US ang mga operasyong pansaklolo upang ipasok ang ilandaang tropa nito sa bansa, pag-ibayuhin ang interbensyunismo at permanenteng presensyang militar nito, at bigyang-katwiran ang pagpapatuloy ng Visiting Forces Agreement at katalud na mga tagibang na kasunduang militar.

Dapat panagutin ng mamamayan ang rehimeng Arroyo at mga imperyalistang amo at lokal na kasapakat nito sa mga sakunang lubhang puminsala at lalong nagpapahirap ngayon sa mamamayan. Lubusang ibinukas ng papet na rehimeng bansa sa pandarambong ng malalaking imperyalista at kumprador na kumpanya ng mina, komersyal na pagtotroso at malalaking establisimiyento na labis-labis na humuhuthot sa yaman ng bansa, sumisira sa kalikasan at nagpapahirap sa mamamayan. Pinayayaman ng mga mandarambong na ito ang gahamang pangkating Arroyo. Wala silang pakialam sa pinsalang idindulot ng kanilang pandarambong sa pambansang patrimonya at ka-

# ANG Bayan

Taon XL Blg. 20 Oktubre 21, 2009

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

[angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

## Nilalaman

### Editorial

Pananagutan ng rehimeng sakuna	1
Pagtulong sa mga nasalanta, patuloy Ekonomya, pinasahol pa ng kalamidad	4
Proyektong dam sa Bicol, tinututulan	5
Laban sa San Roque Dam	6
Rebolusyong agraryo sa mga Manobo	7
	9

### Panalanta ng pasistang estado

Mga sibilyan, panangga ng militar	10
Karahasang militar sa Samar	10
Katarungan para kay Fr. Lucero	11
RPA, kinukunsinti ng rehimeng	12

### Matatagumpay na TO

15 armas, nasamsam ng BHB sa Samar	13
5 armas, nasamsam ng BHB sa Bukidnon	13

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



pakanan ng mamamayan.

Dapat pagbayarin ang rehimeng US-Arroyo at mga imperialista at lokal na kasapakat nila sa responsibilidad nila sa malawakang pagkawasak at ibayong kahirapang pinapasang ngayon ng bayan.

Malaking hambalos sa masang magsasaka ang malawakang pagkaisira ng mga sakahan, pangisdaan, hayupan at iba pa nilang pinagmulan ng kabuhayan. Ang paghihirap na dulot ng mga baha at pagguho ng lupa ay nagpalala pa sa karalitaan at kagutuman ng mga magsasakang matagal nang pinahihiapan ng iba't ibang anyo ng imperialista, pyudal, malapyudal at burukratikong pagsasamantala at pang-aapi. Kagyat kung gayon para sa mamamayan ang pangangailangang paigtingin ang kanilang pambansa-demokratikong rebolusyonaryong pakikibaka. Sa ilalim ng kasalukuyang mapagsamantala at mapang-aping sistema, palaging bulnerable ang mamamayan sa mga sakuna.

Tumitingkad ngayon ang pangangailangang puspusang ilunsad ang rebolusyong agraryo. Ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ang mga rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan nito ay

tutulong sa lahat ng paraan para organisatin ang masang magsasaka at manggagawang bukid sa kanilang pakikibaka para sa mas malaking bahagi ng kanilang ani, sa mas makatarungang sahod, sa pagpawi ng usura at sa mas makatarungang presyo ng kanilang mga produkto.

Kaalinsabay nito, pupukawin at pakikilusin ng PKP at mga rebolusyonaryong pwersa ang masang proletaryado at malaproletaryado at ang mga panggitnang uri sa Metro Manila at mga rehiyon apektado ng nakaraang mga sakuna at iba pang lugar sa bansa para makibaka para sa trabaho, nakabubuhay na sahod, makataong kundisyon sa paggawa, disenteng pabahay, mababang presyo ng mga saligang bilihin at sapat na serbisyon panlipunan.

Bunsod ng nakaraang mga sakuna at kainutilan ng reaksyunaryong rehimien, lumalakas ang panawagan para sa ibayong pagsisikap para maiwasan at mapangibabawan ang malalaking pinsala sa mga sakuna at maging handa para rito. Lumalakas ang panawagang bawasan ang napakalaking gastos-militar, tigilan na ang *pork barrel* at iba pang dambuhalang pagnanakaw sa

kabang bayan, at ihinto na ang paglalaan ng hanggang 50% ng pambansang badyet para sa bayadutang. Sa kagyat, dapat paglaanan ng mas malaking pondo ang pag-saklolo sa mga nasalanta at ang pagkukumpuni sa mga nasirang paralan, ospital at iba pang pam-publikong pasilidad. Sa mas malayong hinaharap, kailangan ang mas malaki pang tulong sa mamamayan para mabawi at muli nilang maibangan ang kanilang nawasak na mga kabuhayan.

Lalong lumalakas ang panawang ibasura ang Mining Act at tigilan na ang pagdambong sa ating mga kagubatan, kabundukan, tubigan at iba pang likas na yaman ng bayan. Sa bahagi ng PKP at BHB, ipagpapatuloy nila ang mahigpit na pagpapatupad ng patakaran nagbabawal sa malakihang komersyal na pagmimina, pagtotroso at iba pang aktibidad ng mga kumppanyang dayuhan at kakutsaba nilang mga kumprador na mapangwasak sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan.

Habang nasa kasagsagan ng pagtulong sa mga biktima ng kata-tapos na mga sakuna, pansamantalang suspendido ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ng mga yunit ng BHB sa mga lugar na lubhang nasalanta. Makaraang makaahon sa mga pinsala, may kagyat na pangangailangang paigtingin ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka. Naghanda sila ngayon para sa paglulunsad ng mas malalaking opensibang pampulitika at pangmilitar para pagbayarin ang rehimeng US-Arroyo sa mga katiwalian at krimen nito at sa mga kalamidad na dulot nito, at dalhin sa mas mataas na antas ang pakikibaka para tapusin na ang mga pagpapahirap sa mamayang Pilipino ng umiiral na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. AB

# Pagtulong sa mga biktima ng bagyo, nagpapatuloy

Tuluy-tuloy ang pagtulong ng mga progresibong organisasyon at partido sa mga nasalanta ng bagyong Ondoy at Pepeng. Libu-libong mamayang na sa Kamaynilaan at iba pang mga prubinsya ang natulungan at nabigyan nila ng serbisyo. Ang pagsisikap nila ay kaakibat ng isinasagawang pagtulong ng iba't ibang mga pribadong organisasyon sa simbahan, midya at iba pang sektor sa mga nasalanta ng bagyo, sa harap ng labis na kakulangan ng isinasagawang pagsagip ng gubyerno.

Sumaklolo ang Bayan Muna sa mga nasalanta sa Marikina, Pasig, Montalban, Rizal at Quezon City noong Oktubre 6 at sa Guimba, Nueva Ecija noong Oktubre 13. Sa Kongreso, hiniling ni Bayan Muna Rep. Satur Ocampo na kagayat na aprubahan ang Disaster Management Bill upang maisaayos ang kasalukuyang programa ng gubyerno sa pagharap sa mga sakuna. Ayon kay Ocampo, ang panukalang ito ay naglalaman ng mahusay, epektibo at komprehensibong plano at implementasyon para tugunan ang dumarating na mga kalamidad. Biago, aniya, ang gubyerno na tugunan ang pangangailangan ng mamayang nasasalanta.

Kinwestyon naman ni Rep. Teodoro Casiño ang dagdag na ₱10 bilyon para sa rehabilitasyon ng mga napinsala ng bagyong Ondoy. Aniya, kaduda-duda na nga ang napuntahan ng ₱2 bilyong pondong pangkalamidad noong nakaraang taon. Iminungkahi ni Casiño na kunnin ang dagdag na pondo sa Road User's Tax, Special Purpose Fund o iba pang pondo ng gubyerno sa halip na patawan ng dagdag na buwis ang mamayang para makalikom ng rekursa para sa mga nasalanta. Iginiit din niya ang pagsuspindi sa pagbabayad ng utang. Umapabot sa ₱340.12 bilyon ang inilaan ng gubyerno ngayong taon para sa pagbabayad ng interes sa utang.

Patuloy naman na naglulunsad ng Bayanihan ng Masa ang Gabriela Women's Party (GWP) sa iba't ibang lugar. Naglunsad ang mga kasapi nito ng paglilinis sa mga binahang lugar sa Quezon City, Marikina, Bulacan at Pasig at namahagi rin ng *relief goods*. Ang operasyong pagsagip ng GWP ay pinuri ng iba bilang pinakamaayos at episiente, laluna kumpara sa magulong operasyon ng gubyerno at militar.

Hinamon naman ni GWP Rep. Liza Maza si Gloria Arroyo na kagayat na ilabas ang inipit na Priority Development Assistance Fund (PDAF) para mailaan ito sa tulong at rehabilitasyon ng mga biktima ng kalamidad. Aniya, napakaliit ng ibinigay na ₱20,000 ng bawat kongresista sa mga biktima kumpara sa mga *pork barrel* na kanilang nakuha taun-taon. Hinamon din niya ang mga ito na ilaan ang kanilang *pork barrel* sa mga nasalanta at huwag magpakitang-tao lamang.

Isang Balik-Eskwela Program naman ang isinasagawa ng Kabataan Party para mangalap ng mga gamit pang-eskwela, uniporme, mga bag at iba pa para sa kabataang biktima ng bagyo. Ang kanilang Serve the People Brigade naman sa Southern Tagalog ay nakapamahagi na ng tulong malapit sa Laguna de Bay. Patuloy din ang kanilang *relief operations* at kabilang sa mga napuntahan nila ang Pangasinan at Tarlac.

Naglunsad rin ng Operasyong Sagip ang Migrante. Mula sa mga nakalap nito sa mga manggagawang Pilipino at iba pang mamaayan sa iba't ibang bansa, namahagi ng tulong ang mga balangay nito sa iba't ibang panig ng bansa. Sa panimula ay nakapamahagi sila ng tulong sa Quezon City, Marikina at Rizal. Nagbigay din ng tulong ang All-UP Workers Union sa Quezon City at Calamba, Laguna. Namahagi rin ng tulong sa Marikina ang Salinlahi-Alliance for Children's Response noong Oktubre 16.

Nagtuno naman sa bayan ng Pateros ang Anakpawis at Kilusang Mayo Uno. Naglunsad naman sila ng misyong medikal sa San Mateo, Rizal.

Kinwestyon ng Anakpawis at KMU ang maanomalyang paglalaan ng pondo ng Social Security System (SSS) para umano ipamahagi sa mga manggagawa at empleyado,



pero sa aktwal ay mapupunta lamang sa bulsa ng mga taga-Malacañang.

Sinabi ni Anakpawis Rep. Joel Maglunsod na dapat direktang ibigay sa mga myembro ng SSS ang ₱100 milyong pondo at huwag nang idaan sa mga upisina ng gubyerno. Kaduda-duda, aniya, ang pagbibigay ni SSS Sec. Romulo Neri ng ₢30 milyon mula rito sa Office of the President at ₢5 milyon naman sa umano'y mga grupo sa paggawa. Sa katunayan, walang anumang naramdamang tulong mula rito ang mga manggagawa at employado.

Samantala, nagdaos ng misyong medikal ang Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay) noong Oktubre 12 sa Montalban, Rizal. Tumulong dito ang Samahang Operasyon Sagip (SOS) na kinabibilangan ng mga doktor at nars at ang Montalban Relocatees Alliance (MRA-Kadamay). Binatikos nila ang plano ng Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC) na relokasyon sa mga biktima ng bagyo, na nagbibigay ng maraming problema sa mga inilipat. Sinabi ng Kadamay na napakalayo ang paglilipatan at walang kasiguraduhan sa serbisyo at trabahong maibibigay sa mamayan. Kahalintulad din ito, anila, ng relokasyon sa Bulacan at Montalban na puro kahirapan ang naidudulot dahil sa kapabayaan ng gubyerno na tugunan ang pangangailangan ng mga inilipat doon.

Samantala, nanawagan ang Cordillera Peoples Alliance (CPA) ng tulong para sa mga sinalanta sa rehiyon ng Cordillera. Nauna nang nakapamahagi ng tulong ang Serve the People Brigade-Cordillera Disaster Response Center sa mga residente ng Pinsao at Fairview sa Baguio City. Tumulong din sila sa paglilinis ng gumuhong lupa at mga nagibang bahay sa La Trinidad at Irisan sa Benguet. AB

# Bangkaroteng ekonomya, pinasahol pa ng kalamidad

**H**indi pa man humuhupa ang baha at naiaahon ang mga natabunan ng pagguho ng lupa, karima-rimarin na ang mga tinatayang halaga ng nasalanta ng bagyo at kapinsalaan sa buhay at kabuhayan ng mamayang Pilipino.

Ayon sa mga independiyenteng pagtaya, umaabot na sa minimum na ₢23 bilyon—mahigit doble sa inaamin ng gubyerno—ang kabuhayan at ari-ariang nasalanta ng bagyong Ondoy pa lamang. Wala pang independiyenteng datos hinggil sa pinsalang idinulot ng mga delubyo at pagguho ng lupa noong kasagsagan ng bagyong Pepeng. Hindi rin kabilang dito ang mga binahang pribadong bahay at mga gusali.

Hindi rin kasali sa pagtaya ang ito ng mga nawalang kita dulot ng pagkaantala ng mga serbisyo at produkto, katulad ng nawalang kita dulot ng pagkaantala ng mga byahe ng mga barko, eroplano at trak at pagkabulok ng mga produktong agrikultural sa mga terminal o sa daan pa lamang. Maraming iba pang problemang kasundod ng pagkawasak ng mahahalang impraistruktura at serbisyo

tulad ng transportasyon, suplay ng kuryente, tubig at iba pa.

Hindi rin kasali sa naturang halaga ang mga nawala o nasirang personal na kagamitan tulad ng mga gamit sa bahay, sasakyang, mga tindahan at iba pang negosyo; nawasak na kapaligiran, at ang mga gastos sa pagpapaospital at pagpapagamot ng mga nagkakasikat at pagpapalibing ng mga namatay.

**Epekto sa suplay ng pagkain at kabuuhan ng ekonomya.** Mahigit 56% ng mga taniman ng palay sa mga dinaanan ng bagyo ay nalunod sa baha. Mahigit 35,000 eketarya ng palayan ang tinatayang tuluyan nang nawasak.

Masahol pa, kasisimula pa lamang ng anihan at karamihan ay di pa nakapag-aani. Ayon sa inisyal na pagtaya ng Department of Agriculture (DA), umabot sa 650,000 metriko tonelada ng di pa

naauning palay ang nasalanta ng bagyo. Sa konserbatibong pagtataya ng DA, noong Oktubre 13 ay umabot na sa ₢6.77 bilyon ang mga tanimang nasalanta ng bagyong Ondoy at ₢6.53 bilyon naman ng bagyong Pepeng. Mapipilitan na naman ang bansa na dagdagan ang inaangkat na bigas sa kagyat, o kung hindi man ay para sa susunod na dalawang kuarto.

Ipinagpipilitan ng mga upisyal ng gubyerno na hindi maaapektuhan ng malaking pinsala sa agrikultura ng nagdaang mga bagyo ang



kabuuang paglago ng ekonomya dahil ayon sa kanila, bumubuo lamang ng 10% hanggang 14% ng kabuuang ekonomya ang agrikultura. Tinatakpan nito ang katotohanan na ang malaking mayorya ng mamamayan ay nasa kanayunan, at pangunahing nakatuon at umaasa sa agrikultura. Karamihan sa kanila ay nasa "impormal na ekonomya" at di saklaw ng mga sarbey at estadistika ng gubyerno. Kahit na pinakamaliit ang halaga ng sektor ng agrikultura sa mga estadistika ng kabuuang pambansang produksyon, sa katunaya'y nakasalalay pa rin nang malaki ang pambansang ekonomya sa sektor na ito.

**Umulan man o umaraw.** Samantala, walang humpay ang pagbulusok ng iba pang aspeto ng ekonomya dulot ng nagpapatuloy na paglala ng krisis sa ekonomya sa daigdig at sa bansa.

Bumagsak nang 30.33% (mula \$34.5 bilyon tungong \$24.0 bilyon) ang kabuuang eksport ng bansa mula Enero hanggang Agosto. Mula pa noong 2008 ay tuluy-tuloy nang bumabagsak ang mga eksport ng bansa bunga ng sobrang produksyon, paglala ng resesyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista at pagkitid ng mga pandaigdigang pamilihan ng mga malamanapktura at produktong agrikultural na bumubuo ng pangunahing mga eksport ng Pilipinas. Ang eksport ng pangunahing industriya ng bansa—pag-aasembol ng mga inangkat na pyesang elektronik para muling ieksport sa mga abanteng industriyalisadong bansa—ay mahigit dalawang taon nang dumaranas ng pinakamalaki at tuluy-tuloy na pagbagsak. Tinataya ng mga ekonomista na lalong magiging matatak ang pagbagsak ng kabuuang eksport ng bansa ngayong taon.

Pinalalabas ng gubyerno na nananatiling maliit lamang at di gaanong nagbabago ang disempreyo sa bansa (2.9 milyon o 7.6% ng pwer-

sa sa paggawa noong Hulyo). Lumiiit pa nga raw ito nang kaunti mula Enero (7.7%) at kung lumaki man ito nang kaunti mula Hulyo ng nakaraang taon (7.4%) ay 173,000 lamang ang naidagdag sa mga walang trabaho. Bukod dito, ayon sa estadistika ng gubyerno, ang bilang ng mga kulang sa trabaho ay di lumalayo sa apat na milyon. Ngunit napakalayo ng mga ito sa katotohanan.

Binatikos ng Ibon Foundation ang kahungkagan ng mga estadistika ng gubyerno, na nagkukubli ng malaking bilang ng mga walang trabaho at ng mga tumigil na sa paghahanap dahil walang makitang trabaho. Noong Enero, 6.2 milyon na ang walang trabaho at mahigit apat na milyon pa ang kulang sa trabaho, ayon sa pagtaya ng Ibon

Foundation. Di gaanong nalalayo rito ang mga datos ng Social Weather Stations (SWS) na nagsasabi na mula pa noong 2005 ay halos hindi na bumababa sa 20% ang tantos ng disempreyo sa bansa. Sa pinakahuling sarbey ng SWS nitong Hunyo, umabot na ito sa 25.9% (o 10 milyon).

Wala pa man ang mga bagyong Ondoy at Pepeng na sumalanta sa kalakhan ng mga palayan at gulyan sa Central at Northern Luzon, noong Agosto ay tumataas na ang tantos ng implasyon dulot ng pagtaas ng presyo ng mga pagkain.

Dahil sa pananalanta nitong dalawang malaking sakuna, asa-hang lalo pang titindi ang problema sa kabuhayan ng mamamayan, laluna ng nakararaming maralita sa bansa.

AB

## Proyektong dam sa Bicol, tinututulan

Tinututulan ng mamamayan ng Lupi, Camarines Sur ang pagtatayo ng Libmanan-Cabusao Dam (LCD) sa Barangay Malaguico, Sipocot. Ang ₱700 milyong proyekto ay "regalo" ni Gloria Arroyo sa anak niyang si Dato, kongresista ng unang distrito ng prubinsya. Kapag natuloy, ang LCD ang magiging pinakamalaking dam sa rehiyon.

Ani Vic Nierva, isa sa mga pinuno ng grupong tutol sa proyekto, malaking bahagi ng Lupi ang lulubog kapag itinuloy ang konstruksyon ng dam. Hindi aniya kinonsulta ang publiko bago inisyuhan ng *environmental clearance certificate* (ECC) ang proyekto. Sumisigaw ngayon ng pagtutol ang mamamayan sa lugar dahil baka wala nang ibang pagkakataon para iparinig ang kanilang sentimyento, ani Nierva.

Sinabi pa ni Nierva na inililingid ng mga kinauukulan sa mamamayan ng Lupi ang mga nilalaman ng ECC. "Buburahin ng dam ang kasaysayan ng bayang itinatag noong 1726 gayundin ang pagkakakilanlan at kabuhayan ng napakaraming taong maaapektuhan," aniya. Malalawak aniyang lupang taniman ang malulubog sa tubig na magkakait sa mamamayan ng pangunahin nilang ikinabubuhay.

Noong Oktubre 8, kinumpirma ni Tomasito Monzon, Regional Presidential Assistant sa Bicol at direktor ng buong proyekto, na 300 pamilyang naninirahan sa pampang ng Sipocot River ang mawawalan ng tirahan sa pagtatayo ng dam. Ang mga maaapektuhan ay ang mga barangay ng Malaguico at Manangle sa Sipocot at Lupi Nuevo, Lupi Viejo, San Pedro, San Isidro, at Barera sa Lupi.

AB

# Mahabang kasaysayan ng paglaban ng mamamayan

**A**ng San Roque Multi-Purpose Dam (SRMPD), na nakatayo sa hangganan ng bayan ng San Manuel sa Pangasinan at mga bayan ng Itogon at Tuba sa Benguet, ang pangatlong pinakamalaking dam sa buong Asia. Pangatlo na itong dam na nakatayo sa Agno River. Sa bandang ilaya ay matatagpuan ang mga dam ng Ambuklao at Binga. Ang SRMPD ang sumasahod sa lahat ng tubig na dumaraan sa Agno River pati na ang sobrang tubig na pinakakawalan ng mga dam sa Ambuklao at Binga.

Sa udyok ng malalaking kapita-listang interes sa US at Japan, mula pa noong kalagitnaan ng dekada 1980 ay binalak na itong itayo ng rehimeng Marcos, kasabay ng Chico Dam. Ngunit dahil sa mahigpit na pagtutol ng mamamayan ng Cordillera na pinatampok ng makasaya-yang pakikibaka ng mga tribong Kalinga at Bontoc laban sa Chico Dam, napigilan ang pasistang rehimeng na ituloy pa ang mga ito.

Muling binuhay ng rehimeng Ramos ang proyektong SRMPD at inumpisahan na ang konstruksyon nito noong 1997. Pero hindi ito na-kausad sa ilalim ng rehimeng Estrada dahil sa malakas na pagtutol dito ng mamamayan sa Cordillera at Pangasinan.

Sa lakas ng mga pagtutol sa dam, noong Setyembre 2000 ay upisyal na binawi ng konsehong bayan ng Itogon ang naunang pagendorso nito sa SRMPD. Ngunit noong Mayo 2001, ilang buwan pa lamang pagkaupo sa poder ni Arroyo, itinuloy ang pagtatayo at pag-oo-pereyt ng dam. Nagsimula na itong mag-opereyt noong 2003.

**Tuluy-tuloy na pagtutol sa dam.** Sa harap ng patuloy na malakas na pagtutol sa naitayo nang dam, iba't ibang paraan ang ginamit ng reaksyunaryo at papet na estado para supilin ang mga tumututol. Hindi nilubayan ng estado ang panggigipit sa mga organisa-


syong masa at lider nilang tutol sa pagtatayo ng dam. Pinatay si Mariano Sepnio, pangalawang tagapangulo ng BAYAN-CL noong Marso 9, 2006. Pinatay din noong Mayo 16, 2006 si Jose "Apo" Doton, tagapangulo ng TIMMWA (Tignay dagiti Mannalon a Mangwayaway iti Agno), organisasyon ng mga naninirahan sa mga barangay dinaraanan ng Agno River na apektado ng dam.

Pangunahin sa mga inapi sa pagtatayo ng dam ang mga pambansang minoryang Ibaloi sa Itogon at Tuba, Benguet at mga naninirahan sa San Nicolas at San Manuel, Pangasinan. Nakasalalay ang buhay at kabuhayan nila sa 39,500 ektaryang inagaw sa kanila at nilunod ng dam. Mahigit 2,000 pamilya na kinabibilangan ng 61,700 katao ang pinalayas sa pagtatayo ng

dam. Ang mga napalayas na Ibaloi na naggigiit ng ansestral na pag-aari sa lupang tinayuan ng dam ay mga kamag-anak at katribo pa ng iba pang Ibaloi na nauna nang napalayas sa lupang ninuno rin nilang pinagtayuan ng Ambuklao at Binga Dam. Sa kabuuhan, may 150,000 mamamayan sa lugar at karatig nito ang nawalan ng hanapbuhay dahil dito.

Winasak din ang kagubatan at likas na yaman di lamang sa tina-yuan ng dam kundi sa halos kabuu-an ng Agno River. Kumitid ang pagkukunan ng kabuhayan ng mga naninirahan doon at nawala rin ang proteksyon laban sa mabilis na pagtaas at pag-apaw ng ilog dahil kasama sa nalubog ang *watershed area*.

**Malalaking interes sa likod ng dam.** Binatikos ng mga tumututol sa dam ang malalaking dayuhan,



kumprador at burukratikong interes sa likod ng proyekto. Pangunahin na rito ang San Roque Power Corp. (SRPC) na siyang may-ari at may kontrol sa mga pasilidad, kagamitan at sistema ng dam para sa paglikha at pamamahagi ng elektrisidad (ang pisikal na istruktura ng dam at ang sistema sa pagkontrol ng lebel ng tubig ang nasa pangangasiwa ng Napocor). Ang SRPC ay higanteng magkasainib na kumppanyang itinayo ng malalaking kapitalista sa US (Sithe Engineers) at Japan (Marubeni Corp. at Kansai Electric Power Corp.).

Ang produksyon ng kuryente ang siyang pangunahing pinagkakitaan ng dam. Kumikita ang SRPC rito ng minimum na \$10 milyon kada buwan, may maideliber manitong kuryente o wala, at dagdag pa ang kita nito kapag lumalakas ang konsumo ng kuryente. Bukod sa \$400 milyong kinita ng SRPC para sa pamamahala sa konstruksyon ng dam, kumita rin nang malaki rito ang US Raytheon Engineers and Contractors, na siyang kumopo sa kontrata para itayo ang dam.

Kabilang sa mga pangunahin ding nakikinabang sa operasyon ng dam ang malalaking dayuhan at kumprador na kumpanya sa minahan sa paligid at ilaya ng dam. Tatlong minahan ang nag-oopereyt sa *watershed area* mismo ng Agno River—ang Sto. Tomas II ng Philex Mining Corp., ang Benguet Mining Corp., at ang Itogon-Suyoc Mines. Ang mga ito rin ang pangunahing tagakonsumo ng kuryenteng iniluwral ng SRPC.

Para makatipid pa sa malaking gastos sa paglilinis ng mga basura ng mina, ginagamit ng mga ito ang mga lagusan ng dam bilang tapunan nito. Dahil dito'y napakatindin na ng polusyon ng Agno River at mga nakadugtong ditong ilog at sapa sa ibaba. Binabarahan din ng basura ang daloy ng tubig at natatambak ang latak sa ilalim. Ang ka-

pal ng latak sa ilog ng Agno, Ambuklao at Binga ang dahilan kung bakit mabilis na umaapaw ang magkakahilerang dam na ito.

Malaki rin ang kinita ng malalaking burukrata ng gobyerno sa mga kikbak mula sa iba't ibang dayuhan at kumprador na interes sa pagtatayo at operasyon ng dam.

**Iba pang panganib ng dam.** Ang mga tumututol sa pagtatayo ng dam ay nagbabala rin sa mahinang pundasyong tinatayuan nito. Nakatungtong ito sa San Manuel *earthquake fault line* na may malalaking panganib na gumalaw at magpaguho ng mga bundok at lupa kapag lumindol. Kapag bumitak ang dam, malulunod ang mga tirahan at sakahan ng 1.5 milyon katao sa kapatagan. Halos 60% ito ng kabuuang populasyon ng Pangasinan.


Matagal na ring nagbabala ang mga tumututol sa pagtatayo ng dam sa panganib na malubog ang malawak na kapatagan ng Pangasinan at mga karatig-prubinsya kapag umapaw ang tubig sa dam dahil sa mga bagyo. Ito na nga ang siyang nangyari nang magpabalik-balik kamakailan ang bagyong Pepeng sa Northern Luzon.

Mula nang maitayo ang SRMPD, nakaranas na ang iba't ibang komunidad sa Pangasinan ng malawakang pagbaha tuwing may malakas na bagyo at binubusan ang mga lagusan ng dam. Pero pinakagrabe mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang pagbahang narasan ng mga residente sa baba ng San Roque Dam sa kasagsagan ng bagyong Pepeng nitong Oktubre 8-10.

Dahil sa biglaang pagpapakawala ng milyun-milyong metro kubiko ng tubig, mahigit 30 sa 48 bayan at tatlong syudad ng Pangasinan ang nalubog sa baha na umabot

sa tatlo hanggang anim na talampakan ang lalim. Umapaw pa ang tubig-baha hanggang sa ilang bahagi ng Nueva Ecija at Tarlac. Umabot sa mahigit 600,000 katao sa 627 barangay ang apektado. Mahigit 60,000 katao ang tumira na lamang sa 119 na *evacuation center*. Batay sa panimulang ulat ng Provincial Disaster Coordinating Council, ang pinsala ay umabot na sa ₱181.25 milyon sa imparastruktura, ₱1.4 bilyon sa palayan, ₱1.4 bilyon sa maisan, ₱160 milyon sa gulayan, ₱96.4 milyon sa palaisdaan at ₱1.13 milyon sa hayupan. Di baba sa 57 katao ang namatay.

Ang nangyaring delubyo sa Pangasinan ay ikinaglit ng iba't ibang sektor ng mamamayan laluna ang mga napinsalaan ng baha, at bumuhay muli sa mga batikos at protesta laban sa SRMPD na tatlong dekada nang dumadagundong sa Cordillera at Pangasinan. Naglunsad ng mga kilos-protesta at nagsampa rin ng kaso sa korte laban sa Napocor at SRPC ang iba't ibang grupo ng mamamayan. AB



# Biyaya ng rebolusyong agraryo sa mga Manobo

**A**ng binihi ng rebolusyong agraryo na itinanim ng rebolusyonaryong kilusan at ang militanteng pakikibaka ng mamamayang Manobo upang ipagtanggol ito ay higit pang umaani ng tagumpay sa Mindanao. Ang mga sumusunod ay matitingkad na bunga ng mga pagsisikap na ito na nagsimula sa isang larangang gerilya sa Mindanao.

Umunlad ang empleyo sa mga sakahan at ilang bahagi ng troshon. Patuloy na tumaas ang sahod ng mga manggagawang bukid mula ₱30-40 kada araw noong dekada 80, tungong ₱150 noong 2007, ₱200 noong 2008 tungong ₱250 sa kasalukuyan. Balangay ng organisasyong masa na mismo ang nagpatupad ng pagtaas ng sahod at hindi na ito kinailangan pang ikampanya. Di hamak na mas mataas pa ito sa ₱190 kada araw na sahod ng mga manggagawa sa konstruksyon. Naging hudyat ito upang

sumunod ang ibang rehiyon kaya umaabot na sa 11,000 manggagawang bukid ang nakakatamasa ng tagumpay na ito.

Naitatakda na ng mga magsasaka ang presyo ng yantok at kahoy na *falcatta* kada taon. Napataas din nila ang presyo ng abaka nang double. Noong 2006, nag-organisa ang mga prodyuser ng abaka upang magkaisa sa presyo nito. Mahigit 11,000 indibidwal ang tumatamasa rito. Samantala, napababa ang renta sa makinang panlupis ng abaka mula 20-25% tungong 15% ng kabuuang halaga ng abaka.

Bagamat hindi naging madali sa umpisa, matagumpay na naitayo at umiiral hanggang ngayon ang mga kooperatibang tindahan. Patuloy itong dumami mula huling bahagi ng 1990. Mabibili rito ang mga batayang produktong pangkonsumo at iba pang kagamitan sa murang halaga. Singkwenta sentimos hanggang piso lamang ang ipinapatong kada kala-kala, kahit halos 30 kilometro ang layo ng kooperatiba sa pinakamalapit na sentrong bayan.

Ang pagtitinda ng alak ay pinahi-

hintulutan lamang tuwing pista. Hindi rin nagtitinda ng mga *junk food* bilang pagtagatugoy sa kampanya sa kalusugan ng mga kasa-ma. Mga voluntir ang tumatao sa mga tindahan. Hindi tumatanggap ng sweldo ang regular na bantay maliban sa 10% bahagi sa benta nito.

Nakakautang ang mga magsasaka sa kooperatiba nang walang tubo. Ang mga magsasaka nangangailangan ng malaki-laking halaga sa panahon ng matinding kagipitan ay pinauutang sa kundisyong pangangasiwaan ng kooperatiba ang lupa niyang binubungkal. Paniyak ito na unti-unting mababayaran ang utang at may sapat pa ring pangkonsumo ang pamilya ng magsasaka. Ang magsasaka pa rin ang nagtrabaho sa lupa at umaani ng produkto. Kapag nabayaran na ang utang ay ibinabalik sa magsasaka ang pangangasiwa sa lupa. Mekanismo ito para hindi matulak ang magsasaka sa pagsasanla ng lupa sa mga usurero na maaaring humantong sa pagkaremata kapag hindi nabayaran. Pag-iwas din ito na makonsentra ang lupa sa kamay ng ilan.

Dahil sa kooperatiba, napawi ang usura sa lugar at wala na ring naiilitan ng lupa.

Namamahagi ang Pulang hukbo ng binihi. Binihi rin ang ibinabayad dito ng mga magsasaka.

Hinihikayat sa mga taniman at sakahan ang paggamit ng natural na pataba. May huwarang taniman sila na gumagamit ng abonong gawa sa luya, sibuyas at asukal na *muscovado* o di kaya'y dumi ng manok.

Samantala, patuloy ang pagsisikap na paramihin pa ang mga komite sa rebolusyong agraryo na siyang nag-oorganisa at nagbibigay ng mga pag-aaral hinggil sa syentipikong pagsasaka. Kumbinasyon ito ng mga aktibistang masa at myembro ng Partido. AB





# Mga sibilyan, ginagawang panangga ng militar

**N**agmistula nang garison ang Sityo Makopa, Barangay Mahan-ub sa Baganga, Davao Oriental mula nang ipatupad dito ng militar ang Barangay Defense System (BDS), kung saan sapilitang isinasangkot ang mga sibilyan sa paglaban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Unang ipinatupad ang BDS sa mga lugar sa Luzon kung saan naghasik ng lagim si Gen. Jovito Palparan. Mula noong Hunyo ay mahigpit na rin itong ipinatutupad sa iba't ibang sityo ng Baganga ng mga elemento ng 67th at 72nd IB.

Sa ilalim ng BDS, lahat ng residente ay pilit na pinagbabantay isang beses isang linggo sa detatsment ng militar.

Walang pinapatawad ang militar dito—babae man o lalaki, bata man o matanda. Pati mga buntis. Sa pananaw ng AFP, ang pagbabantay ng mga sibilyan dito ay paniguro na hindi sasalakayin ng BHB ang detatsment.

Sinumang lilinan sa pagbabantay ay dapat magbigay ng bigas, kape o asukal para sa detatsment bilang sapilitang kontribusyon. Malaking kabawasan ito sa mahihirap na magsasakang Mandaya sa Sityo Mahan-ub na isang kahig, isang tuka ang kabuhayan.

Pinipilit din ng militar ang mga residente na mag-ulat sa AFP hinggil sa kilos ng BHB. Pinagbabantaan ang mga sibilyan na kapag natalo ang mga sundalo sa pakikipaglaban sa BHB ay sila ang kanilang babalingan.

Bilang bahagi umano ng pagkakait ng suporta sa BHB, nililimitahan ng AFP ang dami ng pagkaing pwedeng bilhin ng mga taumbaryo. Limitado lamang sa 15 kilong bigas sa loob ng sampung araw ang pinapayagang suplay ng AFP bawat pamilya, gaano man karami ang myembro nito. Anumang labis dito ay ipinadedeposito sa detatsment at maaari lamang kunin matapos ang sampung araw. Kahit ang pag-

bili ng asukal, mantika, asin, gaas at sigarilyo ay kinokontrol.

Maging ang kilos ng mga taumbaryo ay kontrolado at mahigpit na minamanmanan. Palagi ang nagdraos ang mga sundalo ng sensus sa komunidad at itinatanong sa mga magulang kung nasaan ang kanilang mga anak.

Dahil sa matinding takot, nag-aalangan na ring magpunta sa kanilang mga sakahan ang mga residente sa pangambang gamitin silang giya kapag natyempuhan sila



ng mga sundalong nag-ooperasyon.

Ang paggamit ng AFP sa mga sibilyan bilang mga panangga sa labanan ay malubhang paglabag sa mga alituntunin ng digma at mga pandaigdigang protokol hinggil sa karapatang-tao. AB

## Karahasang militar sa Samar

**D**inukot noong Oktubre 5 at magpahanggang ngayon ay hindi pa dinililitaw si Ruth Gecaro ng Catubig, Northern Samar. Tinangay ng pinaniniwalaang mga elemento ng 63rd IB si Gecaro habang papunta sa mga kasapi ng National Fact Finding Mission na nag-iimbestiga sa pagpatay kay Fr. Cecilio Lucero para samahan ang mga ito sa kanilang aktibidad sa prubinsya. Susunduin sana ni Gecaro ang mga testigo at biktima nang sapilitan siyang ipasok sa sasakyang mga salarin.

Noon namang Agosto 27 ay dinukot at pinaslang ng isang yunit ng 63rd IB ang dalawang magsasaka na sina Jojo Basiloy at Jerwyn Marino habang nag-aabaka sa Sityo Gepili, Barangay Sumuroy, Lope de Vega, Northern Samar. Ang dalawang biktima ay parehong mga kagawad ng kanilang barangay. Ang isa pa nilang kasama na si Eleanor Morillo ay nakaligtas sa pamamaril.

Tuluy-tuloy ding hinaharas ng mga elemento ng militar ang mga lider-estudyante ng University of Eastern Philippines (UEP) sa Barangay Cawayan, Catarman, Northern Samar. Kasama sa tinataket nila ang dating tagapangulo ng University Student Council na anak ni Prof. Jose Ma. Cui. Si Cui, na noo'y pangulo ng COURAGE sa prubinsya, ay pinaslang ng militar noong Enero 2007. AB

# Katarungan para kay Fr. Cecilio Lucero

**N**akiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa pamilya at mga kaibigan ng pinaslang na tagapagtanggol ng karapatang-tao na si Fr. Cecilio Lucero nang gunitain ang ika-40 araw ng kanyang kamatayan nitong Oktubre 15.

Si Fr. Lucero ay pinuno ng Human Rights Desk ng Social Action Center ng dyosesis ng Cataraman at tagapangulo ng Task Force on Peace and Order ng Northern Samar Peace and Development Forum (NSPDF). Pinatay siya ng pasistang militar dahil sa matapang at tahanan niyang pagtuligsa sa mga paglabag sa karapatang-tao. May ilang pagkakataong tumulong siya sa pagsasampa o siya mismo ang nag-sampa ng mga kaso laban sa militar. Bago siya barilin, malaon na siyang minamanmanan ng mga operatibang militar at paniktik ng pasistang estado.


Sa utos ng mga taong madalas niyang binabatikos, tinambangan si Fr. Lucero ng mga armadong salaring nakabonet at unipormeng militar mga alas-8:30 ng umaga noong Setyembre 6 sa San Jose, Northern Samar. Ang pagpatay sa kanya ay pinlano at isinakatuparan bilang malakihang operasyong militar. Di kukulangin sa 30 operatibang militar ang sangkot sa buong operasyon para matiyak ang kanyang kamatayan. Limang operatiba ang nakaabang habang nakikipag-koordina sa mga sumusubaybay sa sasakyang Fr. Lucero ang nagpatutok ng kanilang mga armalayt habang nagmamaneho ang pari sa Sityo Fuente, Barangay Layuhan, San Jose, Northern Samar. Agad na napatay si Fr. Lucero. Nasugatan naman ang isa sa mga kasama niya sa sasakyang gayundin ang isang pasahero sa isang kalapit na dyip na tinamaan ng ligaw na bala.

Mismong si Gloria Arroyo ang

may personal na pananagutan sa pagpaslang kay Fr. Lucero. Nang pasinayaan ni Arroyo ang Las Navas Bridge sa Northern Samar noong Hunyo 16, hayagan niyang binatikos si Fr. Luce-ro bilang "komunistang pari" sa harap ni Maj. Gen. Arthur Tabaquero, hepe ng 8th Infantry Division, at iba pang matataas na upisyal militar at sibilyan sa prubinsya. Sa gayo'y binasbasan ni Arroyo ang pagpatay sa aktibistang pari.

Ang karumal-dumal na pagpaslang ay nagpapatampok sa nagpatuloy na kampanya ng panunupil at ekstrahudisyal na pamamaslang ng rehimeng Arroyo. Mula 2001 hanggang unang hati ng 2009, umabot na sa 1,110 magsasaka, manggagawa, tagapagtanggol ng karapatang-tao, estudyante, taong simbahan, mamamahayag at iba pang kritiko ng rehimeng Arroyo ang pinaslang ng mga armadong tauhan ng AFP.

Karamihan sa mga biktima ay kasapi ng mga patriyotiko, demokratiko at progresibong organisasyong masa na itinuturing na mga "kaaway ng estado" ng mga upisyal na dogmatista ng AFP. Aktibong nilalabanan ng mga organisasyong ito ang pagpapakatuta at pasistang pandarahas ng rehimeng Arroyo. Kapwa sa parlamento at sa lansangan, mabisa nilang nailalantad ang kabulukan at kalupitan ng naghaharing rehimeng at patuloy nilang inoorganisa at pinakikilos ang mamayan sa mga kilos protesta at pakikibakang masa.



Ngayong taon lamang, mahigit 60 na ang pinaslang ng mga pasistang operatiba ng naghaharing rehimeng. Binabalewala ni Arroyo at mga kampon niyang pasistang upisyal ang mga panawagan at rekomendasyon ng UN at iba pang internasyunal at pambansang organisasyon na tigilan na ang ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga pwersang militar at panseguridad ng estado. Malaon nang binabalewala ng mga pwersang ito ang mga karapatang-tao, at ibinibilang sa kanilang *order of battle* ang paraming kritikong di armado at maging mga simpleng sibilyan.

Dadami pa ang mga ekstrahudisyal na pagpaslang habang nalalapit ang pagtatapos ng Oplan Bantay Laya 2 at lalong nagging desperado ang militar na pagtakpan ang mga kabiguan nito. Si Arroyo at ang kanyang mga kampong militar at panseguridad ay desperadong bumabaling sa marahas na panunupil habang nagpapakanang mangunyapit sa kapangyarihan.

Habang sumasahol ang pangekonomya at pampolitikang krisis ng naghaharing sistema, lalong nagging malupit ang reaksyunaryong estado sa pagsupil sa mamamayang nakikibaka para isulong ang kanilang mga pambansa at demokratikong interes.

AB



# Karahasan ng RPA, kinukunsinti ng rehimens

**M**alinaw ang padron ng panunupil at pagwawalambahala ng gubernong Arroyo sa pandarahas ng bandidong Revolutionary Proletarian Army (RPA) sa Negros. Ito ang pahayag ni Isidro Castillo, tagapangulo ng National Federation of Sugarcane Workers (NFSW). Kini nundena niya at ng iba pang mga demokratiko at progresibong organisasyon sa Negros Occidental ang patuloy na paghahasik ng lagim ng RPA sa prubinsya.

Mula noong Mayo, limang magsasaka na ang pinatay at dalawa na ang dinukot ng paramilitar na grupong ito. Dagdag dito, namiminsala rin ng kabuhayan ang RPA, tulad na lamang ng pamamaril nito sa pitong kalabaw ng mga magsasaka noong Mayo sa Sityo Manauyahan, Barangay Minautok, Calatrava.

Ang pinakahuling biktima ay si Reynaldo Bucaling, 41, tagapangulo ng Pakigdaet sa Kalambuan sa Kambayugo (PSK) na kaanib ng NFSW. Pinagbabaril siya sa kanyang bahay sa Purok Dalia, Barangay Bug-ang, bayan ng Toboso noong umaga ng Oktubre 5. Ayon sa sa-

laysay ng kanyang asawa na si Nida, 38, noong Oktubre 4 bandang alas-8 ng gabi ay dumating sa kanilang bahay ang mga kasapi ng RPA at hinahanap nila ang kanyang asawa na si Reynaldo. Umalis ang mga armado nang hindi magpakita sa kanila ang lider-magsasaka. Kinaumaghan, bandang alas-6, naginit ng tubig sa kanilang kusina si Reynaldo. Bigla na lamang sumulpot ang isang elemento ng RPA at pinagbabaril ang biktima. Anim na tama ng bala ang tinamo ni Reynaldo.

Matapos barilin si Bucaling, agad na dumating ang mga elemento ng 62nd IB, na siyang nag-abot ng mga basyo ng mga bala ng M16 sa Philippine National Police (PNP) ng Toboso. Bandang tanghalin na nang dumating sa Purok Dalia ang mga pulis. Dahil sa pagkakasunudsunod ng mga pangayari, malakas ang hinala ng Karapatan-Negros na may kinalaman din ang 62nd IB sa pagpatay kay Bucaling.

Bago pa man mangyari ang pagpaslang kay Bucaling, ay nag-pahayag na ng kanilang pagkabahala ang mga demokratiko at pro-


resibong organisasyon sa serye ng mga pandarahas na kinasangkutan ng RPA. Noong Setyembre 11, binatikos ng mga progresibong organisasyon tulad ng Karapatan-Negros, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, NFSW at Negros Press Club at ilang indibidwal sa isang *press conference* ang kawalang-aksyon ng gubyerno at pulisia sa mga pang-aabuso laban sa mga magsasaka na pawang mga elemento ng RPA ang may kagagawan.

Tinukoy ang mga biktima ng RPA, na pawang mga myembro ng NFSW at residente ng Victorias City na pinagbabaril at napatay. Ito ay sina Carlito Dacudao (Agosto 21); Edwin Oyeman (Agosto 10); Anecito Blanco (Agosto 5); at Roger Tumacas (Hulyo 10).

Noong Mayo 26, dinukot ng RPA si Razel Pelayo, 18 taong gulang, habang nagtrabaho sa plantasyon ng nipa sa Hacienda Estrella, Barangay Sibaca, Cadiz City. Dinukot din si Jason Pelayo, 20 taong gulang at pinsang buo ni Razel. Sa sampung kasapi ng RPA na dumukot kina Razel, apat ang nakilala ng ama nitong si Rene. Ang mga ito ay sina Ronald Dequita, Bebing Dequita, Cita Berja at Kawel Braba. Nakita ng nakatatan-dang Pelayo na kinakaladkad ng mga elemento ng RPA ang kanyang anak at si Jason patungong Sityo Bisang, Barangay Luna, Cadiz City.

Mariing binatikos sa *press conference* si Chief Insp. Noel Manaay, hepe ng Cadiz City-PNP dahil sa kawalang-aksyon niya sa naturing kaso. Palagi na lamang umano itong nagsasabing nasa mabuting kalagayan ang dalawang biktima ngunit wala naman siyang maibigay na impormasyon kung nasaan na ang mga dinukot.

AB





# 15 armas, nasamsam ng BHB sa Samar

**L**abinlimang armas ang nakumpiska ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa apat na matatagumpay na taktikal na opensibang inilunsad nito sa isla ng Samar nitong unang dalawang linggo ng Oktubre. Samantala, dalawang sundalo ang napatay at siyam ang nasugatan sa mga labanang ito.

Ayon sa panimulang ulat ng Arnulfo Ortiz Command, pitong armas ang nasamsam ng BHB mula sa mga pwersang militar sa bayan ng Pagsangjan, Samar noong Oktubre 2.

Noon namang Oktubre 1 ay inambus ng mga Pulang mandirigma ng Serafin Pacimos Command ang 23 abusadong tropa ng 63rd IB sa Barangay Ligaya, Matuguinao, Samar bandang alas-10 ng umaga. Nasamsam ng BHB matapos ang sampung-minutong labanan ang isang ripleng M16. Dalawang tropa ng AFP ang napatay at isa ang nasugatan, samantalang walang kaswalti sa panig ng BHB.

Walang tigil na nagpaputok ang demoralisadong mga tropang militar kahit nakaatras na ang mga kababang Pulang mandirigma. Tumulong sa matagumpay na taktikal na opensiba ng BHB ang yunit mili-sya.

Noong araw ding iyon ay dinisarmahan ng mga Pulang mandirigma sa isang walang putok na reyd ang mga pwersang panseguridad ng isang palaisdaan sa Barangay Inoragyaw, Sta. Margarita, Samar na pagmamay-ari ng isang despotikong panginoong maylupa. Nasamsan ng BHB ang apat na *shotgun*, isang karbin, isang kalibre .45 pistol, isang .38 rebolber at dalawang makina ng *pump boat*. Ang naturang reyd ay aksyong pamarusa sa may-ari dahil sa pangangamkan niya ng lupa at mga antimanggagawang patakaran niya gaya ng mababang pagpapasahod, hindi pagbibigay ng katiyakan sa

trabaho sa mga manggagawa at pagwasak sa kabuhayan ng mga mangingisdang nakatira sa paligid.

Samantala, walang sundalo ng 63rd IB ang nasugatan nang tam-bangan sila ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Rogelio Bantilo Command (RBC) ng BHB noong Oktubre 11 sa Barangay Hibonawan, Silvino Lobos, Northern Samar. Ayon sa mga panimulang ulat, kabilang sa mga nasugatan si Lt. Joash Pramis, kumander ng nag-oo-perasyong yunit.

Taliwas sa pahayag ni Lt. Col. Armando Rico, tagapagsalita ng 8th ID, walang kaswalti sa panig ng BHB.

Pinuri naman ni Fr. Santiago




Salas, tagapagsalita ng National Democratic Front-Eastern Visayas ang magiting na mga Pulang mandirigma ng RBC sa pagpaparusa nila sa isang pasistang yunit tulad ng 63rd IB. Ang yunit na ito ay sangkot sa maraming kaso ng paglabag sa karapatang-tao, kabilang ang pagpaslang kay Fr. Cecilio Lucero. AB

## 5 armas, nakumpiska ng BHB sa Bukidnon

**L**imang armas ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng Jultito Tiro Command (JTC) ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isinagawang ambus laban sa mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines noong Oktubre 9 ng umaga sa Upper Kalampigan, Barangay GuiLang-guiLang, Manolo Fortich, Bukidnon. Tatlong sundalo ang agarang napatay at isa ang nasugatan sa labanang ito habang wala namang kaswalti sa panig ng BHB.

Nasamsam sa mga sundalong nagsisilbi ring mga bantay ng isang minahan ng tanso sa Upper Kalampigan ang isang M203 *grenade launcher*, dalawang M16, isang M14 at isang pistolang .380, ani Ed Laguerra, *media officer* ng JTC sa ilalim ng North Central Mindanao Regional Operations Command.

Ani Laguerra, ang taktikal na opensiba ay parusa sa kumpanya na may ilang dekada nang sumasalanta sa kabuhayan ng mga mamayan sa Bukidnon laluna ang mga Lumad. Dagdag dito, inaabuso at dinadambong ng nabanggit na kumpanya ng mina ang mga tao at likas na kayamanan na nagbunsod ng paglala ng kalagayang pang-ekonomya at pangkultura ng mga Lumad. AB



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XL Blg. 20

Oktubre 21, 2009

www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Pananagutan ng rehimeng malawakang sakuna

**L**abis na pinagdurusahan ng mamamayan ang malawakang pinsalang idinulot nitong magkasunod na sakuna. Ang mga kapinsalaang ito ay ibinunga ng sukdulang kasakiman, kawalang-malasakit sa mamamayan, kapabayaan at kainutilan ng naghaharing rehimeng malawakang sakuna.

Matapos manalasa ang bagyong Ondoy sa Metro Manila at mga karatig-prubinsya nito, nilubog din ng bagyong Pepeng ang malalawak na lupain sa Pangasinan, La Union, Cagayan Valley, Aurora, Tarlac, Zam-

bales, Nueva Ecija, Pampanga at Bulacan. Daan-daan ang namatay sa mga baha sa mga kapatagan at pagguho ng lupa sa mga kinalbong kabundukan. Milyun-milyon ang nawalan ng bahay, kagamitan, sakahan, pangisdaan at kabuhayan. Nagpupuyos sa galit ang mamamayang Pilipino sa pag-iwas sa kriminal na responsibilidad dito nina Gloria Arroyo at mga kasapakat niya. Katwiran nila, ang mga sakunang ito ay sadyang gawa ng kalikasan.

Ang mga pagguho ng lupa at pagragasa ng tubig mula sa mga kabundukan ng Sierra Madre at Cordille-



**Mga tampok sa isyung ito...**

Pagtulong sa mga biktima ng bagyo, patuloy  
PAHINA 4

Biyaya ng rebolusyon ng agraryo sa mga Manobo  
PAHINA 9

20 armas, nasamsam sa mga taktikal na opensiba  
PAHINA 13

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)